

Mensahe ng **Area Presidency**

# Pagtatatag ng Isang Matibay na Pundasyon



Ni Elder
Ian S. Ardern
Area Presidency

*Habang pinagmamasdan ko ang pagtatayo ng gusaling ito mula sa aking bintana sa ikawalong palapag naisip ko ang pagsisikap nating magkaroon ng matatag na pamilya, na sapat ang tibay para daigin ang nag-aapoy na sibat ng kaaway (1{nb}Nephi 15:24).*

Hindi na ninyo kailangang manatili nang matagal sa Pilipinas bago ninyo mapansin ang mga crane na ginagamit sa pagtatayo ng matataas na apartment at mga Shopping Center, na halos tila biglang nagsusulputan. Sa tapat lamang ng tinitirhan ko sa Pasig City ay may bagong 36-na-palapag na gusali na sinisimulang itayo noong dumating ako roon dalawang taon na ang nakararaan. Sa mga unang buwang iyon, ilang oras kada araw na hinuhukay ng mga hydraulic digger ang lupa hanggang makaraan ang ilang buwan ay sumapat na ang lalim ng hukay, at umabot na sa matigas na bato na sapat para latagan ng matibay na pundasyon. Dahil natapos na ang paghukay, maraming bakal at semento naman ang ginamit para mabuo ang sahig at maitayo ang mga haligi. Ang mga kalalakihan, gaya ng mga langgam, ay inaakyat ang bawat palapag kapag kanilang itinatali ang mga kabilya, hinihinang ang mga pingga [girder], minamasilya ang mga pader, ikinakabit ang kawad ng kuryente, at itinataas at inilalagay sa lugar ang gawa nang mga kongkretong pader. Hindi pa man tapos ang loob ng gusali, matibay at matatag na ang labas nito, at nagbibigay ng katiyakan na matibay ito dumating man ang mga bagyo o yanigin man ng mga lindol ang lupa.



LITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

Habang pinagmamasdan ko ang pagtatayo ng gusaling ito mula sa aking bintana sa ikawalong palapag naisip ko ang pagsisikap nating magkaroon ng matatag na pamilya, na sapat ang tibay para daigin ang nag-aapoy na sibat ng kaaway (1{nb}Nephi 15:24). Ang pundasyon ng ating pamilya ay kailangang itatag sa pananampalataya kay Jesucristo. Ito rin ang payo ni Helaman sa kanyang mga anak, "At ngayon, mga anak ko, tandaan, tandaan na sa bato na ating

*Ang araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng bawat isa at ng pamilya, at pagninilay tungkol sa nabasa ay nagpapatatag sa pamilya. Ang pinakamahalaga ay hindi ang dami ng nabasa ninyo bawat araw kundi kung gaano kalalim na pag-aaral, pagninilay at panalangin ang kasama sa inyong pagbabasa.*



LITRATO GALING SA LDS LIBRARY

Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan" (Helaman 5:12). Ang paglakas ng pananampalataya kay Cristo ay nagdaragdag ng katatagan sa pamilya. Kailangan natin ang tulong ng Panginoon upang mapatatag ang pamilya. Kaya, hindi kataka-takang itinuro ng Aklat ni Mormon na "kung walang pananampalataya sa mga anak ng tao, ang Diyos ay hindi makagagawa ng himala sa kanila" (Eter 12:12). Bawat isa sa atin ay kailangang mamuhay nang marapat sa himala ni Cristo sa ating buhay na makikita sa pamamagitan ng pagbabayad-sala.

Sa pundasyong nakasalig kay Cristo, gaya ng gusali sa tapat ng bahay ko, kailangang may haligi sa apat na sulok para higit pang mapatatag ang pamilya. Maaaring luma na ang kasabihang "ang pamilyang nagdarasal nang sama-sama ay mananatiling magkakasama," ngunit totoo ito dahil nangako ang Panginoon na kapag nagdarasal tayo bilang pamilya pagpapalain tayo (3{nb}Nephi 18:21). Ang taimtin na panalangin ng bawat isa at ng pamilya sa pagsisimula at pagtatapos ng araw (Alma 37:37) ay kailangan para maragdagan ang espirituwal na lakas. Wala nang mas magandang lugar para ituro ang kapangyarihan ng panalangin kaysa sa loob ng tahanan. Sabi ni Elder Joseph L. Wirthlin, "kailangan nating ituro sa ating mga anak na ang panalangin ay isang pribilehiyo at hindi isang tungkulin … at dapat magmula sa puso at hindi lamang binibigkas ng mga labi." Bawat isa sa atin ay dapat manalangin na mas mapalakas pa ang pananampalataya bilang kalasag laban sa nag-aapoy na sibat ng kaaway.

Ang pangalawang haliging kailangan para mapatatag ang pamilya ay pinagtitibay ng pag-aaral tungkol kay Cristo sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta. Ang araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng bawat isa at ng pamilya, at pagninilay tungkol sa nabasa ay nagpapatatag sa pamilya. Ang pinakamahalaga ay hindi ang dami ng nabasa ninyo bawat araw kundi kung gaano kalalim na pag-aaral, pagninilay at panalangin ang kasama sa inyong pagbabasa. Ang paghawak nang mahigpit sa gabay na bakal, ang salita ng Diyos, (1{nb}Nephi 15:23) ay mas maglalapit sa inyong pamilya sa Tagapagligtas, magpapatindi sa hangarin ninyong mamuhay nang matwid, tutulong



LITRATO KUHA NI ALAIN TAGPUNO

*Maaaring tulungan ng mga miyembro ng pamilya ang isa't isa na maging tapat sa kanilang mga tipan sa pamamagitan ng pagdarasal nang sama-sama, pagsisimba nang sama-sama, pagsali sa makabuluhang mga aktibidad nang sama-sama, at pagpunta sa templo nang sama-sama.*

sa inyo na malabanan ang tukso; tutulong sa pagdaig sa tukso; at magpapahilom sa mga espirituwal na sugat na maaaring magpahina, kung pababayaan, sa matibay na pundasyon ng pamilya.

Ang pangatlong haligi na nagpapatatag sa pamilya ay nakakamtan kapag ang bawat miyembro ng pamilya ay nananatiling tapat sa kanyang mga tipan. Ang mga halimbawa ng utos na maging matatag (3{nb}Nephi 6:14), o tapat sa ating mga tipan ay kinapapalooban ng paanyayang humawak nang mahigpit sa gabay na bakal, pumasok sa makipot at makitid na pasukan at magsumamo na makapagtiis hanggang wakas. Ang magtiis hanggang wakas ay ang sundin ang mga kautusan matapos mabinyagan at manatiling tunay at tapat sa inyong mga tipan (2{nb}Nephi 31:15). Maaaring tulungan ng mga miyembro ng pamilya ang isa't isa na maging tapat sa kanilang mga tipan sa pamamagitan ng pagdarasal nang sama-sama, pagsisimba nang sama-sama, pagsali sa makabuluhang mga aktibidad nang sama-sama, at pagpunta sa templo nang sama-sama.

Ang pang-apat na haligi ng matatag na pamilya ay paglilingkod sa isa't isa. Ang pamilyang naglilingkod sa isa't isa ay isang pamilyang pinatatatag ang sarili. Ang ibig sabihin ng mahabag sa mga miyembro ng ating pamilya ay mahalin sila, at ang pagmamahal ay naghihikayat ng paglilingkod at kabaitan sa tahanan. Ang matatag na pamilya na namumuhay sa Ebanghelyo ay isang pamilya na ang mga magulang at mga anak ay naglilingkod sa isa't isa (Mateo 20:27). Ito ay isang masayang pamilya kung saan sinosorpresa ng isang anak ang kapatid sa paglilinis ng sapatos nito, o isang anak na pinasasaya ang kanyang mga magulang sa pagpaplantsa ng mga damit-pangsimba ng pamilya.

Marami pang ibang haligi, tulad ng regular na pagdaraos ng Family Home Evening, ang maidaragdag sa matatag na mga pundasyon ng ating pamilya.

Gawin natin ang lahat upang mapatatag ang pamilya sa pamamagitan ng paglalatag ng matibay na pundasyon at pagtatayo ng matitibay na haligi na makapananaig sa mga oposisyon kapag dumating ang mga ito. Nangangako ako na kapag talagang nagsumikap ang mga magulang at mga anak na patatagin ang pamilya tutulong ang Panginoon sa dakila at marangal na layuning iyan. ■

# Mga Tinig ng mga **LDS sa Pilipinas**



PLITRATO KUHA NI NOEL MAGLAQUE

### Paano Nailigtas ng Sama-samang Pagsisikap ng Pamilya at Ward ang Isang Bata mula sa Pagkalulong sa Online Games

Lumipat ang pamilya ni Bruce sa Cebu City para tulungan siya at ang kanyang kapatid na magkaroon ng mas magandang edukasyon. Si Bruce, na noon ay labing-anim na taong gulang, ay nahirapang mag-adjust sa mga pagbabago at walang mga bagong kaibigan na makakasama. Dahil dito naglaro siya ng onlines games para malibang. Sa simula isang oras o mahigit lang siyang naglalaro pero nakagawian na niya ito paglabas ng eskuwela. Hindi nagtagal naging dahilan ito para hindi pumasok sa eskwela si Bruce at pagkalabas naman ng eskuwela ay ipinagpapatuloy pa ang kanyang paglalaro. Madalas ubusin ni Bruce ang buong linggong allowance niya sa isang araw na paglalaro – isang mabilis at matinding pagbabagong lubhang ikinagulat ng kanyang pamilya.

Walang sinayang na oras ang pamilya ni Bruce at nag-usap sa gabi ang pamilya para lang lutasin ang pagkalulong na ito sa online games na sumisira sa buhay ni Bruce. Nagpasiya ang pamilya, kasama na ang desisyon ni Bruce, na gawan siya ng iskedyul na kanyang susundin sa paglalaro ng online games pero sa itinakdang mga oras at araw lang. Kung hindi masunod ang iskedyul na ito, hindi na makakapaglaro si Bruce at babawasan ang kanyang allowance. Sinikap din ng ward na tulungan si Bruce. Personal na pinangasiwaan ng Bishop ang mga klase sa Sunday school ng mga 16-na-taong-gulang at isa-isang ininterbyu ang mga kabataan para malaman kung paano pa sila matutulungan sa anumang mga problema nila. Ipinaalam kay Bruce ang tungkol sa ward seminary at lingguhang mga aktibidad ng mga kabataan na nagbigay sa kanya ng pagkakataong magkaroon ng mga bagong kaibigan. Ang youth conference ay isa pang magandang karanasan na nakatulong sa kanya na mawalan ng interes sa sobrang paglalaro ng online games. Dahil may mga kaibigan na si Bruce na dumadalo sa mga aktibidad na dinadaluhan niya, nabawasan ang interes niyang maglibang nang mag-isa, at kalaunan ay nakita ng kanyang pamilya at mga lider ng ward ang kaibhang ginawa nito sa kanyang buhay.

Si Bruce ay mas masaya na ngayon at determinado na muling mag-aral at dumalo sa mga aktibidad ng simbahan.



LITRATO KUHA NI ALAIN TAGPUNO

### Patnubay nina Inay at Itay

Ni Ma. Teresa C. Pangilinan

Hindi madaling maging tinedyer o single adult sa mundo ngayon. Ang depresyon, pamimilit ng barkada, mga impluwensya ng social network at media ay ilan sa mga bagay na kinakaharap nila. Bilang mga magulang mahalagang gabayan natin sila sa pagpili ng tama.
Narito ang ilang karanasan at solusyong ibinahagi ng mga magulang na miyembro:

Tatlo ang anak ko, sina Jon-jon, 42; Judy, 37; Joseph-31. Lahat sila ay mga returned missionary, binata pa ang bunso. Bilang ama ginagawa ko ang lahat para tulungan sila. Si Jon-jon, pinapayuhan ko siyang maging matatag at mapagpasensya sa pagpapalaki ng kanyang pamilya.

Ang asawa ni Judy ay nagtatrabaho sa ibang bansa at siya ang naiwang mag-alaga sa kanilang dalawang anak. Naisip ko na dapat ay lagi akong naroon para tulungan siya bilang patriarch ng pamilya.

Si Joseph ang bunso at binata pa. Umaasa ako na sa lalong madaling panahon ay mag-aasawa na siya. Ito ang alituntuning itinuro ko sa kanila—Natututo sila ng mga tamang alituntunin sa Simbahan, at hinahayaan ko silang pamahalaan ang kanilang sarili.

Lahat sila ay aktibo sa Simbahan, pareho kami ng ward. Bawat isa sa aking mga anak ay nagsisikap na makayanan ang mga hamon sa kanila sa pamamagitan ng pagsunod sa mga bagay na itinuro namin sa kanila noong sila ay bata pa at mula sa mga karanasan nila sa misyon.

Alam ko na ang mga pamilya ay maaaring maging walang hanggan kapag sinunod natin ang mga utos ng Diyos. Kailangan silang mabuklod sa templo para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Ang buhay natin dito sa lupa ay salamin ng ating buhay sa kawalang-hanggan.



**Jose A. Camomot Sr.**
Bacoor Philippines Stake

Dalawa ang anak ko: sina Jessica, 22; at Justin, 17. Alam ko ang ilan sa kanilang mga pagsubok, ngunit hindi lahat. Ang mga anak ay mas umaasa na sa sarili nilang kakayahan habang lumalaki sila at sinusubukang lutasing mag-isa ang kanilang mga problema--na sa palagay ko ay mabuti. Pero natutuwa ako na lumaki silang malapit sa akin. Maraming bagay pa silang inihihingi ng payo sa akin. Bilang magulang, sinisikap kong manatiling bukas ang komunikasyon ko sa kanila. Dahil biyuda ako, sinisikap kong isali ang mga lider ng priesthood sa ward kapag kailangan ko ang payo at suporta nila, lalo na para sa anak kong lalaki. May mga pagkakataon na naniniwala akong kailangan niya ng payo na tanging isang lalaking may priesthood ang makapagbibigay.

Sinisikap kong kausapin sila nang isa-isa para payuhan sila hinggil sa kanilang mga pagsubok at magdaos ng family council kapag kailangan. Regular din ang pagdarasal ng aming pamilya at sinisikap naming magkasama-sama para manatili kaming malapit sa isa't isa. Pareho kong kasama sa bahay ang dalawang anak ko.

Ang anak kong babae ay nagtatrabaho na bilang IT personnel at ang anak kong lalaki ay nag-aaral ng Entrepreneurship sa kolehiyo. Naghahanda rin siyang magmisyon sa isang taon.

Nagpapasalamat ako sa uri ng pakikipag-ugnayan nila sa ating Ama sa Langit. Kapwa sila naglingkod at ginawa ang mga tungkulin sa ward, at nakatapos at nakadalo sa mga klase seminary at institute.

Alam ko na pinatatatag nila ang kanilang pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit at iyan ang pinakamahalaga sa lahat. Sasamahan Niya sila saanman sila naroroon. Siya ang pinagmumulan ng lakas at inspirasyon sa pagdaig sa anumang pagsubok na maaaring dumating sa kanilang buhay.

Alam ko rin na sa pagkakaroon ng matibay na ugnayan sa aming pamilya, magkakaroon sila ng suporta na lagi nilang masasandigan habang sila ay nabubuhay.



**Cherry Baluyot**
Manila Philippines Stake

Mayroon kaming 5 anak: sina Lyrra Desret, 24; Limher, 22; Schareen Credenda, 14; Rachelle Eunice, 11; at si Rainbow Daffodil ay 4.

Kakaiba si Lyrra Deseret. Dumalo siya sa mga programa ng Simbahan tulad ng seminary at institute. Nakamtan niya ang kanyang young womanhood medallion, nakapagmisyon at ngayo'y naglilingkod sa iba't ibang tungkulin sa Simbahan. Palagay ko'y walang malaking pagsubok na hindi niya kayang harapin ngayon.

Napakagaling ni Rachelle Eunice sa edad na 11. Nagbabasa siya ng mga banal na kasulatan at mahusay sa eskuwela at Simbahan. Nagbabayad siya ng ikapu at nag-iipon para sa kanyang misyon. Sa buwanan naming pagpunta sa templo lagi siyang bumibili ng mga lumang isyu ng The Friend at ibinibigay ito sa mga kaklase niya sa Primary. Tuwing may kaibigan siya sa eskuwela na nagdiriwang ng kaarawan nireregaluhan niya ito ng Aklat ni Mormon.

Si Schareen Credenda ay maganda, kaya marami siyang tagahanga kahit sa mga kaibigan niyang hindi miyembro. Hindi niya matanggihan ang mga kaibigan niyang hindi miyembro na mag-chat at mag-text nang sobra-sobra sa cellular phone at Facebook. Bilang mga magulang tinitiyak namin na dumadalo siya sa seminary at ginagawa niya ang kanyang Personal Progress. Bilang kanyang Ina tinutulungan ko si Schareen sa lahat ng mga hamong ito sa pamamagitan ng pagiging kaibigan niya. Lagi kaming nagkukuwentuhan. Nakikinig ako habang ikinukuwento niya kung sino ang mga crush niya. Ipinapabasa niya sa akin ang mga inbox message niya.

Bukod dito, lagi akong lumuluhod at nagdarasal sa aking

Ama sa Langit. Sumusulat ako sa ilang pahina ng kanilang journal para sabihin na mahal ko sila. Nagrerekord ako ng mga awitin sa Simbahan para sa kanila at nagpo-post ng mga komento sa mga pahina ng kanilang Facebook.

Bilang mga magulang alam namin na kung mananatili kaming tapat sa aming mga tipan sa Panginoon, magkakaroon ng halimbawang tutularan ang aming mga anak. At alam namin na mananatili si Schareen at ang iba pa sa landas ng kabutihan.

Sa apat na anak na babae na ibinigay sa aking pangangalaga, palagay ko'y magagamit ko ang itinuro sa akin. Inalaagaan ako at pinalaki ng mabubuting magulang.

Nahirapan kami sa kaisa-isang anak naming lalaki na si Limher Jared. Noong tinedyer siya inuuna niya ang computer games. Bagama't lagi siyang nagsisimba at nakatapos ng seminary at dumalo sa institute, nahirapan pa rin kaming ituon siya sa mas mahahalagang bagay.

Nanalangin kami at nag-ayuno. Nagpatulong ako sa mga lider ng simbahan. Nakapagmisyon siya sa Philippines Bacolod Mission. Ngayon, nagtatrabaho siya sa call center. Alam namin ang mga hamon at tukso sa industriyang iyan. Gayunpaman patuloy naming ginagawa ang tungkulin namin na matiyaga siyang gabayan.

Sa gitna ng aming abalang iskedyul lagi naming tinitiyak na magkasama-sama kami ng aming mga anak. Dinadala namin sila sa templo buwan-buwan. Nagsasagawa kaming mga ordenansa sa templo na kasama sila.

Ayon kay Pangulong Joseph Smith, "Maaaring ang ilan sa mga batang tupang ito ay maligaw gayunpaman ang mga mata ng Dakilang Tagapaglaan ay nakatuon sa kanila at sila ay magbabalik sa kawan." Naituro na namin sa kanila ang mga alituntunin, at naipakita ang halimbawa at pagmamahal na kailangan nila.

Dahil dito, napapanatag kami na lagi silang poprotektahan at pipiliin nila ang tama at pinakamabuti sa mga mata ng Ama sa Langit.



**Marivic T. Reyes**
Dagupan Philippines Stake

## Paano mo ipinapakita ang pagmamahal mo sa iyong mga magulang?

Maraming magulang ang nagtatagumpay sa pagtuturo ng mga tamang alituntunin at ugali sa kanilang mga anak. Sinusunod at ipinamumuhay ng karamihan sa mga anak ang mga alituntuning ito. Kung nais ninyong maranasan ito, maging masigasig na mga magulang.

Mahal ko ang aking mga magulang. Ipinapakita ko ang aking pagmamahal sa kanila sa mga ginagawa ko, ipinapakita ko sa kanilang kung gaano ako kahusay sa mga bagay na nais nilang maging magaling ako. Sinusunod ko ang sinasabi nila at iginagalang ko ang kanilang mga pasiya. Kinakausap ko sila at kinukuwentuhan ng mga nangyari sa buong maghapon. Hindi ko kinalilimutang halikan sila bago ako umalis ng bahay.



**April A.,** 16 na taong gulang
Marikina Philippines Stake

Ako ay mas magiging responsable at lagi ko silang pakikinggan. Sinusunod ko ang mga patakaran nila sa bahay namin.
Kapag umuuwi sila mula sa trabaho at alam kong pagod sila, ipinaghahanda ko sila ng hapunan at itinuturing ko silang parang hari at reyna. Sinasabi ko sa kanila na mahal ko sila gabi-gabi bago ako matulog.

**Ferdinand Angelo M.,** 16 na taong gulang
Montalban Philippines Stake

Ipinapakita kong mahal ko ang aking mga magulang sa pagiging masunurin, mapagmalasakit at maalalahanin. Ginagawa ko iyan sa pagtiyak na nagsisimba ako at ginagawa ko ang lahat para mahikayat ko ang aking kapatid na lalaki na sumama sa amin dahil mas sumasaya ang nanay ko.



**Beverly A.,** 17 na taong gulang
Quezon City Philippines Stake

Pinasasalamatan ko ang lahat ng ginagawa ng mga magulang ko para sa akin at sinisikap kong ipakita na mahal ko sila sa pamamagitan ng hindi pagsagot nang pabalang sa kanila at pagsunod sa kanilang payo. Nag-aaral din ako nang mabuti para malaman nila kung gaano ko sila kamahal, at kung gaano ko sila pinasasalamatan sa pagpapaaral sa akin.



**Portia V.,** 16 na taong gulang
Quezon City Philippines Stake

# Paano ninyo ipinapakita na mahal ninyo ang inyong ina at ama?

"Noong nakaraang summer, nagbakasyon ang katulong namin. Dahil kailangan ng tulong ng mga magulang namin, tumulong kaming magkakapatid sa mga gawaing-bahay. Naatasan akong maghugas ng mga pinggan at alagaan ang dalawang bunsong kapatid ko. Lagi kong tinatapos ang gawain ko nang mas maaga kaysa inaasahan, kaya kadalasan ay wala na akong ginagawa. Sa mga bakanteng oras na iyon, gumagawa ako ng ibang gawain. Dahil diyan, nakikita ng mga magulang ko na masipag ako. Alam ko na ipinagmamalaki nila ako dahil dito. Naipakita kong mahal ko sila sa pamamagitan ng mga ginagawa ko.



**Mallory M.,** 11 taong gulang
Quezon City Philippines Stake

"Ipinapakita ko na mahal ko ang aking mga magulang sa pagiging masunurin sa kanilang mga payo. Ipinapakita ko rin na mahal ko sila sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawaing-bahay. Lagi ko silang niyayakap nang mahigpit bago matulog. Lagi rin akong nag-aaral ng mga banal na kasulatan gabi-gabi kasama ang mga magulang at kapatid ko."



**James Nephi N.,** 9 na taong gulang
Manila Philippines Stake

"Maipapakita ko na mahal ko si Inay kapag sinisikap kong maging mabuting bata at sumusunod sa kanya. Niyayakap at hinahalikan ko rin si Inay pag-uwi niya galing sa trabaho. Lagi kong sinasabing 'Mahal ko kayo.'"



**John Dylan H.,** 3 taong gulang
Dinalupihan Philippines District

"Ipinapakita ko na mahal ko sina Itay at Inay sa pagiging mabuting bata palagi. Madalas ko silang yakapin at halikan. Tinutulungan ko si Inay na ayusin ang mga damit ko sa drawer at tinutulungan ko ang bunso kong kapatid sa pagliligpit ng mga laruan niya pagkatapos maglaro."



**Alisha Kish J. M.,** 5 taong gulang
Gingoog Philippines District



PLITRATO KUHA NI ALAIN TAGPUNO

*"Ipinapakita ko na mahal ko ang aking mga magulang sa pagiging masunurin sa kanilang mga payo. Ipinapakita ko rin na mahal ko sila sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawaing-bahay."*

*"Lagi akong dumadalo sa mga klase ng primary at mga aktibidad. Niyayakap ko rin si Inay at hinahalikan ko si Itay para ipakitang mahal ko sila."*



LITRATO KUHA NI ALAIN TAGPUNO

"Lagi akong dumadalo sa mga klase ng primary at mga aktibidad. Niyayakap ko rin si Inay at hinahalikan ko si Itay para ipakitang mahal ko sila."



**Rianna Pauline C. D.,** 5 taong gulang
Davao Philippines Stake

"Sinisikap kong sundin ang mga payo at mungkahi ng mga magulang ko sa family council namin. Nag-aaral akong mabuti, at sinisikap kong maging magandang halimbawa sa mga tao sa paligid ko. Tumutulong din ako sa mga gawaing-bahay gaya ng paghuhugas ng mga pinggan at pagwawalis ng sahig. Tuwing katapusan ng linggo, tinutulungan ko si Itay sa paglilinis ng kanyang service car. Mahal ko sina Inay at Itay at sinisikap kong huwag gumawa ng masasamang bagay na ikalulungkot nila."



**Kate N.,** 9 na taong gulang
Butuan Philippines Stake

"Nag-iipon ako ng pera mula sa allowance ko sa eskuwela para makabili ako ng mga regalo para kina Inay at Itay sa kaarawan nila at iba pang mga espesyal na okasyon. Ipinapakita ko rin na mahal ko sila sa pagluluto para sa kanila."



**Carl Miguel M. C.,** 10 taong gulang
Davao Philippines Stake

"Kapag pinakanta o pinasayaw ako ni Inay, sumusunod ako kaagad. Mahal ko sina Inay at Itay. Lagi kong sinusunod ang sinasabi nila."



**Kate Christine M. F.,** 6 na taong gulang
Manila Philippines Stake